



Guidelines ng Youth Arts Program 2023-2024

Pangkalahatang Impormasyon sa Grant

Ang Youth Arts grant ay isang 2-year grant na sumusuporta sa pantay na access sa mga pagkakataong mag-aral ng sining at kultura para sa mga kabataang may edad na nasa middle at high school ng Seattle. Nagaganap ang mga programa sa labas ng oras ng pag-aaral at pinamumunuan ng mga may karanasang alagad ng sining at mga nagtuturo ng sining na nagtatrabaho sa mga komunidad sa buong Seattle upang dagdagan ang mga pagkakataon sa sining at kultura para sa mga kabataan mula sa magkakaibang lahi at sosyoekonomikong pinagmulan.

Ipinapakita ng datos na ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng mga kabataan na may access sa edukasyon sa sining at sa mga wala, ay batay sa lahi, sosyoekonomiya, wika sa tahanan, at mga kapansanan. Tulad ng lahat ng aming Creative Youth Programs, binibigyang prayoridad ng Youth Arts grant ang mga programang naglilingkod sa mga kabataan sa loob ng mga nabanggit na demograpikong grupo.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging karapat-dapat o online na teknikal na suporta, kontakin si Kristi Woo, Creative Youth Development Project Manager, 206-727-8671 okristi.woo@seattle.gov.

Aplikasyon Ang aplikasyon ay ipinapasa ONLINE. Ang aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng grant portal ng Lungsod ng Seattle sa FLUXX sa https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new Kung wala kang computer o access sa internet, tawagan ang staff sa lalong madaling panahon.	Pagbubukas Ika-18 ng Abril 2023, alas-10 ng umaga (Pacific) Due Date Ika-30 ng Mayo 2023, alas-5 ng hapon (Pacific)
---	--

Virtual Information Sessions:

Information Session 1

Lunes, ika-24 ng Abril 5 - 5:45 ng hapon (Pacific)

[RSVP](#)

Information Session 2

Virtual Draft Application Feedback Sessions:

Draft Review 1

Lunes, Ika-8 ng Mayo, 5 - 5:45 ng hapon (pacific)

[RSVP](#)

Draft Review 2

Huwebes, Ika-4 ng Mayo, 12-12:45 ng hapon (Pacific)

Huwebes, Ika-18 ng Mayo, 12-12:45 ng hapon (Pacific)

Layunin ng Grant

Ang layunin ng Youth Arts grant ay suportahan ang mga indibidwal na alagad ng sining, organisasyon ng sining, at mga ahensya ng serbisyong panlipunan sa pagbibigay sa mga kabataang may edad na nasa middle at high school ng mga pagkakataong mag-aral ng sining at kultura.

Pagiging Karapat-dapat/Mga Kinakailangan

- Dapat mangyari ang inyong mga proyekto sa pagitan ng Setyembre 2023 – Agosto 2024 at Setyembre 2024 – Agosto 2025.
- Ikaw ay kuwalipikado kung isa kang indibidwal na alagad ng sining, nagtuturong alagad ng sining, o kung nagtatrabaho ka sa isang organisasyong pangkultura, ahensya ng serbisyo sa kabataan, o institusyong nagbibigay ng degree.
- Ang inyong mga programa ay dapat na available sa mga kabataang may edad na nasa middle at high school at maganap sa loob ng mga limitasyon ng lungsod ng Seattle.
- Ang lahat ng alagad ng sining at nagtuturong alagad ng sining na inupahan ng mga organisasyong pang-sining at pangkultura, mga ahensya ng serbisyo sa kabataan, at mga institusyong nagbibigay ng degree ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa isang (1) taong karanasan sa pagtatrabaho sa grupo ng edad ng proyekto at mga anyo ng sining at kultura.
- Dapat ipakita ng inyong mga proyekto ang mga priyoridad at demograpikong ng Youth Arts grant tulad ng inilarawan sa itaas.

Pagpopondo

- Makakatanggap kayo ng kabuuang \$12,000 na hinati-hati sa loob ng dalawang (2) taon para sa mga programa sa 2023-2024 at 2024-2025.
- Makakatanggap lamang kayo ng pondo pagkatapos magsimula ang inyong programa. Kapag nagsumite ka ng invoice, matatanggap mo ang mga pondo sa loob ng 6-8 linggo.

Maaari mong gamitin ang mga pondong ito para sa:

- Bayad sa alagad ng sining
- Mga allowance ng kabataan
- Mga bayarin sa marketing at promosyon

- Mga gastos sa pamamahala ng proyekto at tauhan
- Mga kagamitan
- Espasyo
- Mga gamit na nauugnay sa Online/Web
- Pag-upa ng kagamitan
- Mga gastos na nauugnay sa programa
- Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos nang may pag-apruba ng project manager ng grant

Hindi ninyo maaaring magamit ang mga pondong ito para sa:

- Mga aktibidad sa eskwelahan
- Anumang mga elemento ng inyong iminungkahing proyekto na nakumpleto bago igawad ang mga pondo
- Pagbili ng kagamitan/software
- Mga kaganapang pangwakas
- Pangangalap ng pondo, mga benefit event, o mga serbisyong panrelihiyon

Kung ikaw ay ginawaran, titiyakin ng aming project manager na ang paggamit ng pondo ng Lungsod ay naaayon sa mga patakaran ng Lungsod.

Pamantayan sa Pagtatasa

Ang mga aplikasyon at iminungkahing proyekto ay tinatasa ng isang community review panel. Inuuna ng panel ang mga proposal na may malinaw na diskarte; mga aplikante na may malalim na karanasan sa pagtuturo ng sining at malikhaing gawi sa mga kabataan; at karanasan sa pakikipagtulungan sa mga komunidad sa buong Seattle na naapektuhan ng structural racism, classism, at/o social disenfranchisement dahil sa pagkakakilanlan ng kasarian, oryentasyong sekswal, o kakayahan.

Kapag sinuri ng panel ang inyong aplikasyon, magkakaroon kayo ng pagkakataong makakuha ng kabuuang 100 puntos. Ang puntos na inyong makukuha ang siyang tutukoy sa inyong huling marka. Ang breakdown ng mga puntos ay nakalista sa ilalim ng seksyong Balangkas ng Application at Mga Bahagi sa ibaba.

Proseso ng Pagsusuri at Abiso:

- Isang panel ng pagsusuri ng komunidad ng mga alagad ng sining, mga nagtuturong alagad ng sining, mga kabataan at/o mga tagapagtaguyod ang tutukoy sa huling

marka ng mga aplikante. Susuriin ng Cultural Investments Committee ng Seattle Arts Commission ang mga napili at gagawa ng mga rekomendasyon sa Direktor ng Seattle Office of Arts & Culture para sa huling pag-apruba.

- Ang lahat ng karapat-dapat na aplikasyon ay susuriin at bibigyan ng marka batay sa pamantayan sa pagsusuri.

Timeline

- **Ika-18 ng Abril 2023:** Pagbubukas ng Aplikasyon
- **Abril - Mayo 2023:** Isasagawa ang Information at Draft Review Sessions
- **Ika-30 ng Mayo 2023:** Pagsasara ng Aplikasyon
- **Hunyo - Hulyo 2023:** Proseso ng Pagsusuri ng Panel
- **Hulyo 2023:** Ipakikilala ang mga Abiso ng Paggagawad
- **Agosto 2023:** Proseso ng Pagkontrata
- **Setyembre 2023:** Maaaring Magsimula ng mga Proyekto ang mga Napagkalooban

Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon

*Bago simulan ang inyong aplikasyon, hihilingin sa inyo na kumpletuhin ang isang Demograpikong Survey. Hindi nito maaapektuhan ang inyong tsansa sa pagpopondo.

Pakihanda na ilakip ang mga sumusunod na bagay sa inyong aplikasyon:

- (Mga) Resume o (Mga) Talambuhay - magbigay ng resume o bio ng artist/nagtuturong artist (hindi nakabatay sa performance)
- Sample ng Trabaho - isang 1.5 minutong video (magbigay ng **link lamang** gamit ang YouTube, Vimeo, Dropbox, Google Drive) at apat (4) hanggang anim (6) na larawan (.jpeg/.jpg or .png)
- Lesson Plan - may ibinigay na template (huwag gumamit ng sarili)
- Badyet ng Proyekto - may ibinigay na template (huwag gumamit ng sarili)
- Liham ng Pagkumpirma mula sa Fiscal Sponsor (kung naaangkop)